Ang KARAPATAN ng mga BATA ay may kaugnay na RESPONSIBILIDAD na sapat nilang gawin ayon sa kanilang kakayanan.

Sumunod sa mga makatuwirang patakaran ng magulang at paaralan.

Alamin kung kanino lalapit para humingi ng tulong lalo na kung inaabuso o pinagmamalupitan.

Tumulong sa kapwa.

Ang Karapatan na ipahayag ang opinyon o saloobin ay may katambal na Responsibilidad na:

- Kilalanin na may tungkulin ang mga magulang na magdesisyon nang tama o angkop para sa kabutihan ng mga anak.
- Igalang ang mga miyembro ng pamilya. Pag-isipang mabuti at maging magalang sa pagbibigay ng opinyon.

#### Ang Karapatang mapaunlad ang mga kakayahan ay may katambal na Responsibilidad na:

- Pagpasok sa paaralan at paggalang sa ibat-ibang kultura at mabubuting tradisyon ng komunidad.
- Sumali sa gawaing panlibangan bilang bahagi ng araw sa paaralan.
- Tumulong sa pagbuo ng mapang-unawa, nagkakaisa at mapayapang kapaligiran.
- Matuto at itama ang mga pagkakamali.

Paano maitataguyod ng mga MAGULANG ang karapatan ng mga BATA para sa kanilang PAG-UNLAD?

#### Sikapin na ang inyong mga anak ay may:

- Masustansiyang pagkain at sapat na pahinga.
- Pagkakataong bumisita sa Barangay health center kapag may karamdaman,
- Malinis at ligtas na pamamahay at palaruan.
- Oras para sa pag-aaral at paglalaro
- Kalayaan na magbigay ng sariling opinyon tungkol sa mga bagay-bagay na nakakaapekto sa kanila at sa kanilang kapaligiran.
- Pagkakataong lumahok sa mga gawain sa bahay, barangay o sumali sa mga organisasyong huhubog ng kanilang mga kakayahan.

Kung batid mong may BATANG INAABUSO o PINAGMAMÁLUPITAN o may kagyat na pangangailangan, ipagbigay-alam ito sa inyong Council for the Protection of Children ng Barangay (BCPC) at Munisipyo (MCPC), DSWD, Guro, Day Care workers, Pulis, o NGO para magpatulong!

Paalala!







Development Center (CLRDC)





Mahalaga sa Pagpapalaki at Pagkalinga sa mga Bata

# KARAPATAN NG MGA BATA



## Ano ba ang ibig sabihin ng KARAPATAN?

Ang **Karapatan** ay kalayaang magkaron ng mga bagay na kailangan para mabuhay nang may dignidad anuman ang kaniyang edad, lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, paniniwalang pulitikal, o lipunang pinanggalingan.

### KARAPATAN ng mga BATA

Pinagpatibay ng United Nations

General Assembly at nagkabisa ang

Convention on the Rights of the Child

noong September 2, 1990. 194 na

bansa ang lumagda sa kasunduang ito.

Sa Pilipinas, ang sinumang may edad na

mas mababa sa 18-taon ay itinuturing na

mga bata; maging ang may edad na 18
taon pataas na may kapansanan sa isip

at di kayang alagaan ang sarili ay

maituturing din na bata.

Ang mga karapatang ito ang nagsisigro na ang bawat bata ay nabibigyan ng pagkakataong maabot ang kabuuan ng kanilang potensyal. Isa rin itong paraan upang maprotektahan sila sa lahat ng uri ng karahasan at pang-aabuso.

# MGA TEMA NG KARAPATANG PAMBATA

### 1 Karapatang Mabuhay

Ang bata ay may karapatang mabuhay nang maayos.

Karapatan nilang

- Maipanganak at mabuhay
- Mabigyan ng pangalan
- Maalagaan ng pamilya
- Maging malusog ang pangangatawan
- Magkamit ng masustansiyang pagkain at maayos na tirahan

### 2 Karapatan sa Pag-unlad

Ang bata ay may karapatang umunlad sa pisikal, emosyonal, sosyal, intelektwal, at espiritwal na aspeto.

- Karapatan niyang maglaro at maglibang, makipag-kaibigan, makapag-aral, umunlad ang kakayahan at lumusog ang katawan.
- Kung ang pag-unlad ng bata ay nahahadlangan ng kahirapan o ng kapansanan, responsibilidad ng gobyerno at komunidad na tulungan siya.

### 3 Karapatan sa Pakikilahok

Ang bata ay may karapatang...

- Makilahok sa mga pagdedesisyon na makakaapekto sa kanila.
- Makatanggap ng tama at sapat na impormasyon na angkop sa kanilang edad.
- Bumuo o sumali sa mga organisasyong nakakapaghubog ng kanilang pagkatao at nagpapaunlad ng kanilang kakayahan.
- Magpahayag ng opinyon at mapakinggan.
- Walang dapat maaapi at mabale-wala nang dahil sa edad, kulay, kasarian, relihiyon, wika, kapansanan o katayuan sa buhay.

### 4 Karapatang Maprotektahan

- Karapatan sa katarungan.
- Karapatang maging Malaya at ligtas sa anumang uri ng karahasan.
- Karapatang mabuhay sa mapayapang lipunan.
- Makatanggap ng kalinga, proteksyon sa lahat ng uri ng karahasan at kapahamakan.
- Maawa po kayo! Serbisyong medikal.

Makakaapekto ba sa akin ang desisyon n'yo? Tanungin n'yo rin ako.



Sabayan at gabayan mo naman ako sa aking pag-aaral,



Hindi ko na po kava!

